

## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Gumagamit tayo ng wika araw-araw upang maiparating natin ang ating iniisip at nararamdaman sa ibang tao. Ang pagsasalita ay bahagi na ng ating buhay kaya't palagi nating nakakalimutan na ang komunikasyon ay hindi lamang tungkol sa pagsasalita. Hinihingi rin ng komunikasyon ang pagbibigay ng ating oras sa pakikinig nang may pag-unawa.

Kadalasan, ang mga taong pinakikinggan tayo nang mabuti at may pag-unawa ay ating pinahahalagahan. Naiintindihan nila at napapahalagahan nang mabuti ang pakikipag-usap. Natututo sila sa kanilang naririnig. Nagiging mabisa ang paggamit nila sa impormasyong naririnig nila.

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo upang lumawak ang iyong kakayanan sa pakikinig nang may pag-unawa. Ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1 – Pakikinig Nang Buhos ang Atensiyon

Aralin 2 – Pakikinig Nang May Pag-unawa

Aralin 3 – Paggamit ng Impormasyong Pasalita sa Pagsusuri at Panghuhula



## Anu-ano ang mga Matututuhan mo Sa Modyul na Ito?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- Makinig nang mabuti sa nilalaman ng sinasabi;
- Makinig sa mga sagot sa mga katanungang nabanggit na;
- Magbigay ng detalye ng mga ulat, talumpati at panayam na narinig;
- Makuha ang pangunahing ideya sa mga salitang naririnig nang pasalaysay;
- Kilalanin ang mga palatandaang nagpapakita ng pag-uugali at patutunguhan ng iniisip ng isang tagapagsalita;
- Ipaliwanag ang mga hakbang na kabilang sa proseso;
- Suriin at hulaan ang impormasyong narinig; at
- Pagtibayin ang ginawang paghuhula.

Bago ka magsimula sa pag-aaral ng modyul na ito, siguraduhin mong nasa iyo ang tape ng modyul at ang cassette player. Pag-aralan mo muna kung paano ito ginagamit. Kapag alam mo na kung paano itong gamitin, handa ka na. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na bahagi ng modyul.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral sa modyul na ito, subukan mong kunin ang pagsusulit na ito upang malaman mo kung ano na ang alam mo tungkol sa paksang tatalakayin.

Pakinggan mo ang **Unang Bahagi ng Tape, Ang Aking Paboritong Alaga.** Ipalagay mong ang iyong alaga ang nilalarawan sa tape. Siguraduhin mong naiintindihan mo at natatandaan ang mga detalye ng kuwentong pinakikinggan mo. Pagkatapos ay sagutin mo ang mga katanungan sa ibaba.

1. Ano ang paksa ng kuwento?

   ______________________________________________

2. Ano ang pangalan ng alaga ng tagapagsalita?

   ______________________________________________

3. Piliin mo ang mga pangungusap na totoo mula sa mga pangungusap sa ibaba batay sa iyong narinig.

   a. Iisa lang ang alagang aso sa bahay ng pamilya ng tagapagsalita.
   b. Nag-eenjoy silang mag-alaga ng mga hayop.
   c. Ang paborito niyang alaga ay isang poodle.
   d. Ito ay kulay brown.
   e. Mahaba ang buntot nito.
   f. Si Cotton ay apat na taong gulang na.
   g. Gustung-gusto ni Cotton na matulog sa sopa.

4. Ano ang pangunahing idea ng kuwento?

   ______________________________________________

5. Magbigay ng ilang mga detalyeng nabanggit sa kuwento?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Pakinggan ang **Ikalawang Bahagi ng Tape, Ulat Tungkol sa Sampaguita**—Ang Pambansang Bulaklak ng Pilipinas. Sagutin ang mga katanungang sumusunod:

6. Ang salitang sampaguita ay galing sa pariralang “sumpa kita,” isang pariralang Pilipino na nangangahulugang _________. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

   a. “Mahal kita”
   b. “Ingat ka”
   c. “Nawa’y maging akin ka”
   d. “Isinusumpa ko”

7. Ilarawan ang sampaguita sa sarili mong mga salita.

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

Pakinggan mo ang **Ikatlong Bahagi ng Tape, Kung Paanong Magtanim ng Buto ng Mangga.** Pagkatapos ay ayusin mo ang sumusunod na mga pahayag nang sunud-sunod ayon sa pagkakasabi nila. Lagyan sila ng bilang mula 1 hanggang 8.

_____ Diligan nang panay ang lupa.

_____ Kapag mga sampung pulgada na ang taas ng punla, maaari na itong ilipat sa kung saan mo gusto itong ilagay hanggang sa lumaki na ito nang tuluyan.

_____ Ilagay ang buto sa loob ng butas at takpan ito ng humigit-kumulang sa isang pulgada ng lupa.

_____ Sa loob ng humigit-kumulang na dalawang linggo, maaaring lumabas na ang punla.

_____ Hayaan munang matuyo ng kaunti ang buto ng mangga bago ito itanim. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagpapatuyo ditto sa loob ng walong oras. Iwasang ibilad ito sa direktang sikat ng araw.

_____ Maghukay ng maliit na butas sa lupa para sa bawat buto.

_____ Piliin lamang ang mga butong galing sa malulusog na puno ng mangga.

_____ Maghanda ng maliliit na paso na halos may sampung pulgada ng basang lupa sa bawat isa.

Ano, kumusta? Sa tingin mo ba ay mataas ang nakuha mong marka? Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 22.

Kung tamang lahat ang mga sagot mo, magaling! Ipinakikita nitong marami ka nang alam tungkol sa paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring araling ang modyul upang mapagbalik-aralan mo ang mga nalalaman mo. Malay mo, may matutuhan ka pa ring bago rito.

Kung mababa naman ang markang nakuha mo, huwag sasama ang loob mo. Ang ibig lang sabihin ay para sa iyo ang modyul na ito. Tutulungan ka nitong maintindihan ang ilang mga mahahalagang konsepto na maaari mong gamitin sa pang-araw-araw na buhay. Kapag pinag-aralan mo ang modyul na ito nang mabuti, matututuhan mo ang mga sagot sa mga katanungan dito at marami pang iba.

Ilipat mo sa susunod na pahina para sa Aralin 1.

ARALIN 1

# Pakikinig Nang Buhos ang Atensiyon

Ang ating daigdig ay puno ng mga tunog. Nakikipag-ugnayan tayo sa maraming tao araw-araw. Ngunit may mga sandaling abalang-abala tayong nagsasalita na nakalilimutan nating makinig nang may pag-unawa. Ang pakikinig ay napakalaking bahagi ng ating mga buhay. Mahalagang matuto tayong makinig nang mabuti at maintindihan ang ating naririnig.

Kapag nakikinig tayo upang makaintindi, sinasanay natin ang ating sarili sa pakikinig nang may pag-unawa. Dahili nakikisalamuha tayo sa iba araw-araw, mahalagang malaman natin kung paanong makinig nang may pag-iintindi. Sa ganitong paraan maaari tayong gumawa ng mga tamang desisyon. Subalit hindi madaling gawin ito.

Sa araling ito tuturuan ka kung paano ibibigay ang atensiyon habang nakikinig. Matapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- Makinig nang buhos ang atensiyon sa nilalaman ng mga sinasabi; at
- Makinig sa mga sagot sa mga itinanong.



## Pag-isipan Natin Ito

Ang unang hakbang upang maibuhos natin ang ating atensiyon sa pakikinig ay maupo nang komportable ang posisyon. Ipikit mo ang iyong mga mata at mag-relax. Ngayon, pagtuunan mo nang pansin ang mga tunog na naririnig mo sa iyong paligid. Pakinggan mo sila isa-isa at subukan mong kilalanin ang bawat isa sa kanila. Mas nabigyang halaga mo ba ang mga tunog sa paligid nang ipikit mo ang iyong mga mata? Ano ang ipinahihiwatig sa iyo ng gawaing ito tungkol sa pakikinig?



## Subukan Natin Ito

Pakinggan mo ang **Ikaapat na Bahagi ng Tape, Ang Apat na Kalayaan.** Sundin mo ang mga direksiyong ibibigay ng tagapagsalita sa tape. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang paksa ng talumpati?

   ______________________________

   ______________________________

2. Anu-ano ang mga apat na kalayaang ipinakilala?

   ______________________________

   ______________________________

3. Ang salitang "opresyon" ba ay nabanggit?

   ______________________________


   ______________________________

4. Ano ang gustong mangyari ng tagapagsalita sa pamamagitan ng kanyang talumpati?

   ______________________________

   ______________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 23. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot? Kung nakuha mo, ibig sabihin ay nakinig kang mabuti at naintindihan mo ang iyong narinig. Kung hindi naman, pakinggan mong muli ang bahaging ito ng tape at palitan mo ang mga maling sagot ng mga tama.



## Alamin Natin

Mahalagang makinig sa mga mensaheng sinasabi o sa nilalaman ng texto. Nakinig kang mabuti sa impormasyong sinabi kung naibibigay mo ang mga detalye tungkol dito. Ang pagkabigong makinig nang mabuti ay resulta ng hindi mo pagbigay ng atensiyon o ng pagkabigo ng tagapagsalita na magsalita nang malinaw.



## Makinig Tayo

Makinig sa **Ikalimang Bahagi ng Tape, Mga Katanungan sa Tagapagsalita.** Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na sumusunod.

1. Ano ang mga kabutihan ng pagbibigay ng dugo?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Hindi ba magkakasakit ang isang tao pagkatapos nitong magbigay ng dugo?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Maaari bang magbenta ng dugo ang isang tao?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Gaano katagal bago masira ang dugong nakatabi?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 23. Nasagot mo bang lahat ang mga tanong?

Kung hindi mo narinig, ang lahat ng mga sinabi ng tagapagsalita, maaari mong sabihin sa kanya na ulitin niya ang kanyang sinabi. Subalit kailangang makinig ka nang mabuti kapag inulit niya ang impormasyon. Kung hindi, mababale-wala lahat ang mga pagsisikap mong patunayan ang impormasyong narinig mo.



## Tandaan Natin

- ♦ Ang matalinong pakikinig ay nangangahulugang naiintindihan, natatandaan at nagagamit mo ang mga sinabing impormasyon. Nangangailangan ito ng buhos na atensiyon at konsentrasyon.
- ♦ Kung kinakailangang sabihin sa tagapagsalita na ulitin niya ang kanyang sinabi, iwasang ulitin niya ito nang maraming beses. Kabastusan na iyon.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pakinggan mong mabuti ang **Ikaanim na Bahagi ng Tape, Isang Pagbabalita.** Pagkatapos, sagutin mo ang sumusunod ng mga katanungan.

1. Tungkol saan ang pagbabalita?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Sino ang nagbalita?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Anong mga mungkahi ang ibinigay bilang paghahanda sa pagkawala sandali ng kuryente?

   ______________________________________________

   ______________________________________________


4. Ang ginawa bang pagbabalita ay tama, wasto at may-kinalaman ba sa sitwasyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa Batayan sa Pagwawasto na nasa pahina 23. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot?

# Pakikinig Nang May Pag-unawa



Ikaw ba kahit minsan ay nakapagbigay na ng ulat sa klase dati? Ikaw ba kahit minsan ay nakapakinig na sa ulat ng iba? Naintindihan mo ba ito? Ang isang magaling na tagapakinig ay inaalam ang lahat ng tungkol sa impormasyon sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga narinig niya at sa pamamagitan ng pagtala ng mga nota.

Sa Aralin 1, natutuhan mo ang kahalagahan ng pagbuhos ng iyong atensiyon sa kung sino man ang nagsasalita. Ngayon naman, matututuhan mo kung paanong isaayos ang iyong narinig upang maitaguyod ang pagkakaunawaan.

Matapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- ♦ Ibigay ang pangunahing ideya ng isinasalaysay na narinig;
- ♦ Kilalanin ang mga detalye mula sa mga ulat, talumpati o pagsasalita; at
- ♦ Isa-isahin ang mga hakbang sa isang proseso.



## Subukan Natin Ito

Pakinggan ang **Ikapitong Bahagi ng Tape, Ang Tiyan at ang Katawan.** Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na sumusunod.

1. Tungkol saan ang seleksiyon?

______________________________

______________________________

2. Anong aral ang idinudulot nito?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ano ang pangunahing idea ng kuwento?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Anu-ano ang mga detalyeng ibinigay dito?

_______________________________________________

_______________________________________________

Ipakita mo ang iyong mga sagot sa iyong Instructional Manager upang matalakay pa ito at mabigyan ng mga puna.

Ang seleksiyon ay naglahad ng kuwento tungkol sa ibang bahagi ng katawan na naiinis sa tiyan. Pakiramdam nila ay trabaho sila nang trabaho para lang pakainin ang tiyan. Ang tiyan, sa kabilang dako, ay walang ginawa kundi kumain galling sa mga pinaghirapan nila. Sa kahulihan, napagtanto nilang hindi ganito ito. Lahat ay gumagawa ng kanilang bahagi upang panatilihin silang buhay.

Ang pangunahing idea ng texto ay kumilos bilang buod ng buong kuwento. Suportado naman ito ng ibang bahagi ng texto na nagbibigay ng karagdagang impormasyon.



## Subukan Natin Ito

Pakinggan ang **Ikawalong Bahagi ng Tape, Mga Dragon.** Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba.

1. Ano ang pangunahing ideya ng kuwento?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ano ang mga detalye nito?

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot ko na nasa kabilang pahina.

.

Ang pangunahing ideya ng kuwento ay tungkol sa mga dragon na itinuturing na mga halimaw sa mga aklat ng mga kuwentong pambata. Subalit pinaniwalaan itong talagang nabuhay ng mga tao noong unang panahon. Ang mga katunayan nito ay:

a. Iginuhit ito ng mga artistang tagaguhit ng mga larawan bilang malalaking ahas o butiki na may pakpak na balat at nakatatakot na mga kukong matatalim.

b. Ipinalalagay na nakapagbubuga sila ng apoy at kumakain ng buong mga tao at hayop.

c. Kailangang maging napakatapang upang kalabanin ang mga dragon. Sinasabi sa mga alamat kung paanong pinatay ng mga masasamang halimaw na ito sina Hercules, St. George at iba pang tulad nila.

d. Tinitingala ito ng mga Intsik bilang mga diyos.



## Subukan Natin Ito

Pakinggan mo ang **Ika-siyam na Bahagi ng Tape, Isang Talumpati ng Pamamaalam.** Pagkatapos ay sagutin mo ang mga katanungan sa ibaba.

1. Anong uri ng talumpati ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Batay sa mga ibinigay na detalye, may-asawa ba ang tagapagsalita? Ano ang dahilan at nasabi mo ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Nagkaroon ba siya ng anak?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Ilan sa mga anak niya ang namatay na?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Bakit siya nagpapaalam sa mga tao?

_______________________________________________

_______________________________________________

6. Relihiyoso ba ang tagapagsalita? Bakit? Bakit hindi?

____________________________________________________________

____________________________________________________________


Ihambing mo ang iyong mga sagot sa ibaba.

Ang talumpati ng pamamaalam ay binigkas ni Abraham Lincoln, isa sa pinakadakilang Amerikanong pangulo. Binigkas niya ang talumpating ito habang papaalis siya mula sa kanilang bayan, ang Springfield, Illinois, upang maglakbay patungong Washington, D.C., at simulan ang isang panibagong kabanata ng kanyang buhay bilang ikalabing-anim na pangulo ng Estados Unidos ng Amerika. Ibinigay niya ang talumpating ito bilang isang di-malilimutang pag-aalay sa kanyang mga kaibigan at kapitbahay bago siya sumakay sa espesyal na pampangulong tren sa Great Western Railroad Station sa Springfield. Sa kanyang talumpati, nabanggit niyang mayroong isang malaking gawaing naghihintay sa kanya sa Washington.

Batay sa detalye ng kanyang talumpati, nabanggit ng tagapagsalita na mayroon siyang mga anak bagamat walang binanggit tungkol sa asawa niya. Sa totoo, pinakasalan ni Abraham Lincoln noong ikaapat ng Nobyembre si Mary Todd kung kanino siya nagkaroon ng apat na anak. Isa sa mga anak niya ay namatay.

Kung susuriin mo nang malapitan ang kanyang sinabi, parang relihiyoso ang tagapagsalita dahil nabanggit niya ang Diyos at ang kanyang pananampalataya sa banal na pamamagitan.

Nakuha mo bang lahat ang mga sagot.




## Alamin Natin

Natutuhan mo kung gaano kahalaga ang pagtuon nang ang pansin sa nagsasalita habang nakikinig. Lalong mahalaga ito habang nakikinig ka ng mga tagubilin sa paggawa ng isang bagay. Kasangkot sa mga tagubiling ito ay ang mga serye ng hakbang na susundin at kolektibong tinatawag na proseso.

Nangyari na ba sa iyo dati na sinabihan kang gumawa ng isang bagay subalit hindi mo nagawa nang tama dahil hindi mo narinig o naintindihan nang husto ang mga tagubilin? Sa bahagi ng araling ito, matuto ka kung paanong ibigay ang iyong atensiyon upang maintindihan mong mabuti ang mga tagubilin.

Pakinggan ang **Ikasampung Bahagi ng Tape, Pagpunta sa Palengke.** Ito ay isang grupo ng mga tagubiling naglalarawan ng proseso ng pagpunta sa palengke galing sa iyong paaralan. Pakinggan mong mabuti ang tape at pilitin mong isaisip ang mga tagubiling ibinibigay.

Sa ibaba ay mapa ng mga kalsada sa paligid ng iyong paaralan. May mga palatandaan ding ipinakikita. Markahan mo ang lokasyon ng palengke batay sa mga direksiyong ibinigay sa tape. Maaari mong iikid na muli nang pabalik ang tape kung iyong ninanais.



Namarkahan mo ba nang tama ang lokasyon ng palengke? Ipakita mo ang iyong sagot sa iyong Instructional Manager.

Upang matiyak mo ang mga hakbang sa isang proseso o matandaan ang mga tagubilin, mahalagang makinig ka nang malapitan at sundin nang ganap ang mga hakbang na inilalarawan. Sa isang proseso, ang pagkakasunud-sunod ng mga tagubilin o mga hakbang ay kailangang sundin. Maaari mo lamang magawa ang gawaing inilalarawan ng proseso kung tama ang pagsunod sa pagkakasunud-sunod ng mga hakbang.



## Magbalik-aral Tayo

Pakinggan nang mabuti ng **Ikalabing-isang Bahagi ng Tape, Lapu-Lapu—Hari ng Mactan.** Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na mga tanong sa pamamagitan ng pagbilog sa titik ng tamang sagot.

1. Sino si Magellan?

   a. isang Portuges na mananakop
   b. isang Kastilang mananakop
   c. isang Amerikanong sundalo
   d. isang pari

2. Paano nagawang lupigin ni Lapu-Lapu si Magellan?

   a. sa pamamagitan ng pagtakas papunta sa isla ng Mactan
   b. sa pamamagitan ng pagharap sa kanyan noong digmaan na gumagamit lang ng simpleng mga sandata
   c. sa pamamagitan ng paghingi ng tulong mula sa ibang mga bansa
   d. sa pamamagitan ng paggamit ng baril

3. Ano ang nagpalakas sa loob ng mga Pilipino upang umatake sa mga Kastilang nasa Cebu?

   a. Ayaw nilang masakop ng mga Kastila.
   b. Gusto nilang maging kaibigan ang mga Kastila.
   c. Gusto nilang bumili ng pagkain sa mga Kastila.
   d. Ayaw na nilang maging Pilipino.

4. Bakit kinilala si Lapu-Lapu bilang unang bayaning Pilipino?

   a. Takot siya sa mga Kastila.
   b. Sinakop niya ang Pilipinas.
   c. Siya ang unang lumaban sa mga dayuhang nanlulusob.
   d. Palakaibigan siya kay Magellan at sa hukbo nito.

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa aking mga sagot na nasa ibaba.

1. **(b)**
2. **(b)**
3. **(a)**
4. **(c)**

Nakuha mo bang lahat ang mga sagot?

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pakinggang mabuti ang **Ikalabing-dalawang Bahagi ng Tape, Isang Pagsasanay sa Paglubay.** Sunding mabuti ang mga tagubiling ibinibigay sa tape. Pagkatapos ay gawin mong mag-isa ang pagsasanay nang isang beses pa batay sa iyong natatandaan. Nagawa mo ba nang tama ang pagsasanay kahit wala ang tape?

## Tandaan Natin

- Ang pangunahing ideya ng texto ay ang buod ng buong kuwento.
- Ang mga detalye o ideya ng sumusuporta ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon upang masuportahan ang pangunahing idea.
- Upang mabihag mo ang pangkalahatan o pangunahing ideya ng isang kuwento, dapat ay pakinggan at suriin muna ang buong kuwento.
- Sa pagtiyak ng mga hakbang ng isang proseso, mahalagang ituon ang atensyon sa mga ibinigay na direksiyon o hakbang na naglalarawan sa kanilang tamang pagkakasunud-sunod.

ARALIN 3

# Paggamit ng Impormasyong Pasalita sa Pagsusuri at Panghuhula

Sa Aralin 1, natutuhan mo na kapag nakinig ka sa mga texto o kuwento, mahalagang ituon ang iyong atensiyon sa sinasabi. Sa Aralin 2, natuto ka kung paanong suriin ang mga textong pasalita sa pamamagitan ng pagkilala sa pangunahing idea at detalyeng sumusuporta. Natutuhan mo rin na upang maintindihan mo nang maliwanag ang naririnig mo, kailangang suriin mo ito. Maaaring may kahulugan ang mga salita ngunit ang paraan ng pagkakasabi sa mga salitang ito ay maglalantad sa saloobin o damdamin ng tagapagsalita at ang takbo ng pag-iisip nito. Dahil nababatid mo ito, maaari kang gumawa ng sarili mong prediksiyon.

Matapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- Kilalanin ang mga palatandaan na nagpapakita ng mga saloobin o takbo ng pag-iisip ng tagapagsalita; at
- Pagtibayin ang iyong mga prediksiyon.



## Pag-isipan Natin Ito

Ipagpalagay mong narinig mo sa iyong kagrupo na walang kaso sa kanya kung ikaw ay dumating nang huli, maniniwala ka ba sa kanya kaagad? Ano pang ibang impormasyon ang nais mong malaman batay sa kanyang sinabi? Gusto mo bang makumbinse sa pamamagitan ng pagkaramdam talaga ng kanyang sinabi?



## Subukan Natin Ito

Pakinggan mo ang **Ikalabing-tatlong Bahagi ng Tape, Iboto Mo Ako.** Nakumbinse ka bang iboto ang tagapagsalita batay sa iyong narinig?

Ngayon naman, pakinggan mo ang **Ikalabing-apat na Bahagi ng Tape, Iboto Mo Ako.** Mas nakumbinse ka ba ngayon?

Ano ang napansin mo sa dalawang bahagi ng tape? Gumamit ba ng eksaktong parehong salita ang tagapagsalita? Magkapareho ba ang pangunahing ideya at ang mga detalyeng sumusuporta rito? Paano nagkaiba ang dalawang bersyon?

Ang dalawang bahagi ng tape ay mga bersyon ng iisang talumpati. Sa unang bahagi sinabi ito sa hindi nakakukumbinsing paraan. Sa kabilang dako, ang ikalawang bersyon ay nasabi sa paraang mas may pananalig at damdamin. Karamihan sa mga taong nakinig ay boboto para sa tagapagsalitang nagbigay ng kanyang talumpati sa pamamaraang katulad ng sa ikalawang tagapagsalita.

Ano ang natutuhan mo sa gawaing ito?

Ang saloobin ng tagapagsalita ay mahihinuha sa kung paano niya sinabi ang isang bagay. Masasabi mo kung ang tagapagsalita ay malungkot, galit, masaya, di-kumbinsido sa pakikinig lang sa kung paano niya sinabi ang isang bagay. Ang isang pangungusap ay maaaring sabihin sa maraming paraan. Ang bawat isa sa kanila ay nagpapahiwatig ng ibang bagay.



## Subukan Natin Ito

Magkunwari kang tumatakbo bilang pangulo ng klase at ikaw ay magbibigay ng mga linyang ganito, “Kapag ibinoto ninyo ako bilang pangulo ng klase, ipinapangako kong ako’y magiging pinakamagaling na pangulo sa lahat. Magtatrabaho ako para sa kapakanan ng klase at palagi akong tutulong sa sinumang nangangailangan.”

Sabihin mo ang mga linya sa itaas na gumagamit ng iba’t ibang tono ng pananalita upang maipakita mo ang iba’t ibang saloobin. Magpakita ka ng saloobin ng isang malungkot, masaya, may tiwala sa sarili at iba pa. Sa palagay mo, sa anong saloobin ka iboboto nang marami sa klase mo?

Ngayong alam mo nang ang mga saloobin ay naaaninag sa paraan ng pagkakasabi ng mga linya, anong mga palatandaang kailangang hanapin ng isang tao upang makilala ang mga saloobin o takbo ng isang nagsasalita?

Habang nakikinig ka sa isang tagapagsalita, kailangang pansinin mo ang sumusunod:

a. tono ng boses na ginamit (masaya, malungkot, nakakukumbinse at iba pa)

b. tulin ng pagsasalita (mabilis, mabagal)

c. mga salitang pinili (may ibang salitang mas nagpapahiwatig ng damdamin kaysa sa iba, katulad ng pagsabi ng kalugud-lugod sa halip na masaya).

Batay sa paghahambing na ginawa mo sa dalawang bahagi ng tape, madali mong mahuhulaan kung sino sa dalawang tagapagsalita ang mananalo sa eleksiyon. Ang taong mas nakakukumbinsi, siyempre.



## Pag-isipan Natin Ito

Ano ang ihuhula mo kapag narinig mong nagpahayag ang prinsipal ninyo na may-sakit ang paborito mong titser? Madali mong mahuhulaan na liliban siya sa klase, hindi ba? Paano kang maaapektuhan ng impormasyong ito? Maaari itong maging teribleng balita para sa iyo, hindi ba?

O ipagpalagay mong narinig mo na ang iyong kapitbahay ay tatakbo para sa isang puwesto sa konseho ng barangay? Mahuhulaan mong magiging mabait siya sa mga tao sa inyong barangay, hindi ba? Sa dalawang kaso, makagagawa ka ng prediksiyon batay sa mga detalye ng pirasong impormasyong narinig mo.

Natutuhan mong makagagawa tayo ng maraming prediksiyon batay sa ating mga narinig. Subalit maaaring hindi totoong lahat ang ating mga prediksiyon. Kailangang maging maingat tayo kapag gumagawa ng prediksiyon. Ang pinakamagaling na paraan ng pagpapatibay ng prediksiyon ay sa pagtatanong ng diretsahan sa taong kasangkot o mag-obserba muna.



## Makinig Tayo

Pakinggan ang **Ikalabing-limang Bahagi ng Tape, Ang Talumpati ni Mayor Jose.** Pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong na sumusunod.

1. Tungkol saan ang talumpati?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang saloobin ng tagapagsalita?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang mahuhula mo sa mga pahayag na karirinig mo lang? Itala ang mga ito sa mga patlang na nakalaan sa ibaba.

   a. ____________________________________________

   b. ____________________________________________

   c. ____________________________________________

4. Ano ang pinakamabuting paraan upang mapagtibay ang iyong mga prediksiyon?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa akin sa ibaba.

1. Ang talumpati ay nagsabi ng tungkol sa problema ng lumalaking bilang ng mga pangyayaring nauugnay sa labis na pagkagumon sa droga sa San Isidro katulad ng iniulat ni Mayor Jose.

2. Ang tagapagsalita, si Mayor Jose ay parang galit ngunit determinadong puksain ang problemang ito.

3. Ang aking mga prediksiyon ay:

   a. Magkakaroon ng mas matinding parusa para sa mga gumagamit ng droga.
   b. Mas magiging mapagmasid ang mga pulis sa mga tao o gawaing kahina-hinala.
   c. Ang mga nagtutulak ng droga ay mahihirapang magbenta ng droga.

4. Ang pinakamagaling na paraan upang mapagtibay ang aking prediksiyon ay ang pagtatanong mismo kay Mayor Jose o paggawa ng aking sariling obserbasyon sa dakong huli.

Gumawa ka ba ng mga prediksiyong katulad ng sa akin? Okay lang kung ang mga sagot mo ay hindi eksaktong katulad nang sa akin. Ang iba't ibang tao ay nakagagawa ng iba't ibang prediksiyon batay sa kanilang karanasan o eksperyensiya.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Natutuhan mo sa nakaraang gawain kung ano ang mga prediksiyon at kung paanong pagtitibayin ang mga ito. Natutuhan mo rin kung paanong humanap ng mga palatandaang nagpapakita ng mga saloobin o takbo ng pag-iisip ng tagapagsalita. Bukod sa mga salitang pinili, ang tono ng boses ay mahalaga rin sa paggawa ng mga prediksiyon. Ang tulin at lakas ng pagsasalita at ang mga sandaling pagtigil sa pagbabasa o pagsasalita ay ang iba pang mga bagay na mahalagang isaalang-alang kapag naghahanap ng mga palatandaan ukol sa saloobin ng tagapagsalita. Sa pagsusuri ng mga salitang sinasabi, hindi lang tayo nakikinig sa mga salita mismo kundi sa kung paano rin sinabi ang mga ito.

Pakinggan mo ang **Ikalabing-anim na Bahagi ng Tape, Imbitado Ka!** Maaari mong iikid nang pabalik ang tape at pakinggang muli ang imbitasyon. Pagkatapos ay sagutin mo ang sumusunod na mga tanong.

1. Ang tagapagsalita ba ay masaya o matapat?

2. Ano ang hula mo sa kanyang pahayag?

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot na nasa ibaba.

Ang tagapagsalita sa tape ay hindi mukhang tapat sa pag-iimbita sa iyo upang dumalo sa kanyang parti. Sa katunayan ay hindi palakaibigan ang tono ng kanyang pananalita.

Kung ganoon nga ang tunog ng kanyang pagsasalita, ano ang sasabihin mo o gagawin mo?

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pakinggan mo ang **Ikalabing-pitong Bahagi ng Tape, Isang Pagkokomentaryo sa Radyo.** Pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong sa ibaba.

1. Tungkol saan ang komentaryo?

2. Ilarawan mo ang saloobin ng tagapagsalita.

3. Ano ang hula mo tungkol sa mga pahayag na iyong narinig? Ilista mo ang mga ito sa mga patlang na nakalaan sa ibaba.

   a. ______________________

   b. ______________________

   c. ______________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 23—24.



## Tandaan Natin

- Ang tono ng boses, tulin at mga piniling salita ay mga palatandaang nagpapakita ng mga saloobin at takbo ng isip ng tagapagsalita. Mahalagang tiyakin ang mga ito sa mga textong sinasabi.
- Ang mga hula ay mga pahayag tungkol sa hinaharap batay sa impormasyong narinig/nabasa.
- Ang pinakamabuting paraan na nagpapatibay ng isang prediksiyon ay ang paggawa ng mga obserbasyon sa dakong huli o ang pagtatanong mismo sa taong kinauukulan.

Ito na ang katapusan ng modyul! Binabati kita sa pagtatapos mo. Nagustuhan mo ba? May natutuhan ka bang kapaki-pakinabang mula rito? Ang buod ng mga mahahalagang punto ay nakasulat sa susunod na bahagi upang matandaan mo ang mga ito nang mas mabuti.



## Ibuod Natin Ito

Sinasabi sa atin ng modyul na ito na:

- Ang pakikinig nang may katalinuhan ay nangangahulugang nakaiintindi, nakatatanda tayo at nagagamit natin ang mga impormasyong ating narinig. Nangangailangan ito ng pagtutuon ng atensiyon at konsentrasyon.
- Kung kinakailangang hingin nating ulitin ng tagapagsalita ang kanyang sinabi ay gawin mo.
- Ang pangunahing ideya ng isang texto ay ang buod ng buong kuwento.
- Ang detalye o mga ideyang sumusuporta ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon upang masuportahan ang pangunahing idea.
- Upang mabihag natin ang pangkalahatan o pangunahing idea ng isang kuwento, kailangang marinig at masuri muna ito.
- Sa pagtitiyak ng mga hakbang ng proseso, mahalagang bigyang ng malapitang atensiyon ang mga direksiyon o hakbang na ibinigay sa paglalarawan nitong pagkakasunud-sunod.
- Ang tono ng boses, tulin ng pagsasalita at piling salita ay mga palatandaan na nagpapakita ng saloobin at takbo ng pag-iisip ng tagapagsalita. Mahalagang tiyakin ang mga ito kapag nakikinig sa mga textong sinasabi.

- Ang mga prediksiyon ay mga pahayag tungkol sa hinaharap batay sa impormasyong narinig/nabasa.
- Ang pinakamabuting paraan upang matiyak ang isang prediksiyon ay ang paggawa ng obserbasyon sa dakong huli o tanungin ang taong kinauukulan.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Makinig kang mabuti sa **Ikalabing-walong Bahagi ng Tape, Mga Ulap.** Pagkatapos ay sagutin mo ang mga katanungan sa ibaba.

1. Tungkol saan ang seleksiyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Bilugan ang titik ng mga katangian ng mga ulap na nabanggit sa seleksiyon.

   a. gawa sa metal
   b. tama lang ang gaan nito upang maiangat sa ere
   c. mukhang bulak
   d. nabuo mula sa mga patak na lumalaki habang mas maraming tubig ang sumisingaw
   e. tinatakpan nito ang mga lugar mula sa araw
   f. gawa sa tubig
   g. itinataas ang temperatura
   h. nahuhulog ito bilang ulan

3. Ilarawan ang saloobin ng tagapagsalita.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Kung makikita mo ang mga dagim sa langit, ano ang magiging hula mo?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Ano ang apat na uri ng ulap?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

6. Bakit mahalaga ang mga ulap?

______________________________________________________

______________________________________________________

B. Pakinggan mo ang **Ikalabing-siyam na Bahagi ng Tape, Ang Giraffe.** Pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong na sumusunod.

1. Ano ang pangunahing ideya ng kuwento?

______________________________________________________

______________________________________________________

2. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang makapaglalarawan sa giraffe? Bilugan ang titik ng tamang sagot.

   a. Nakatira sila sa maiinit na lupaing madamo katulad nang sa Afrika.
   b. Maiikli ang mga leeg nila.
   c. Siyam lahat-lahat ang mga buto nila sa leeg.
   d. Ang mga giraffe ang pinamatatangkad na mga hayop.
   e. Mabilis silang nakatatakbo.

3. Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit mahaba ang mga leeg ng mga giraffe?

______________________________________________________

______________________________________________________

4. Ano sa tingin mo ang kinakain ng mga giraffe?

______________________________________________________

______________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 24. Kumusta ang iyong pagsasagot?

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

1. Ang paboritong alaga ng tagapagsalita, isang poodle
2. Cotton
3. Bilugan ang sumusunod na mga titik: b at c
4. Ang aking paboritong alaga ay si Cotton, isang poodle.
5. a. Si Cotton ay isang maliit at puting poodle na may malagong buntot.
   b. Si Cotton ay dalawang taong gulang.
   c. Sinasalubong siya ni Cotton kapag umuuwi siya.
   d. Gustung-gusto ni Cotton na matulog sa kanyang kandungan.
   e. Natutulog siyang kasama si Cottom sa kama.
6. (d)
7. Ang sampagita ay ang pambansang bulaklak ng Pilipinas. Ito ay maliit, maselan at matamis ang amoy na bulaklak na ginagawang parang kuwintas.

Lagyan ng bilang ang mga pahayang nang ganito:

1. Piliin lamang ang mga butong galing sa malulusog na puno ng mangga.
2. Hayaan munang matuyo ng kaunti ang buto ng mangga bago ito itanim. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagpapatuyo ditto sa loob ng walong oras. Iwasang ibilad ito sa direktang sikat ng araw.
3. Maghanda ng maliliit na paso na halos may sampung pulgada ng basang lupa sa bawat isa.
4. Maghukay ng maliit na butas sa lupa para sa bawat buto.
5. Ilagay ang buto sa loob ng butas at takpan ito ng humigit-kumulang sa isang pulgada ng lupa.
6. Diligan nang panayan ang lupa.
7. Sa loob ng humigit-kumulang na dalawang linggo, maaaring lumabas na ang punla.
8. Kapag mga sampung pulgada na ang taas ng punla, maaari na itong ilipat sa kung saan mo gusto itong ilagay hanggang sa lumaki na ito nang tuluyan.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 5)*

1. Ang apat na kalayaang pinupuntirya ni Franklin D. Roosevelt

2. a. kalayaang magsalita at ipahayag ang damdamin
   b. kalayaang magkaroon ng relihiyon
   c. kalayaan mula sa kakulangan
   d. kalayaan mula sa pagkatakot

3. Hindi

4. Gusto ng tagapagsalitang ipakilala ang apat na kalayaan na inaasahan niyang pagsisikapan at aabutin ng kanyang bansa.

*Makinig Tayo (pahina 6)*

1. Sa tuwing magbibigay ka ng dugo, nakatutulong ka sa pagpapahaba ng buhay ng mga taong nangangailangan nito. Hinihikayat mo rin ang iyong katawan na bumuo ng mga panibagong selula ng dugo. Gagawing bago ang iyong dugo kapag ikaw ay nagbibigay nito.

2. Hindi. Ang taong nagbibigay ng dugo ay maaari lang magbigay ng 500 ml ng dugo kada anim na buwan.

3. Hindi

4. Ang mga dugong nakatago sa mga bangko ay karaniwang tumatagal ng isa hanggang dalawang lingo.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 7)*

1. Ang naka-iskedyul na buong araw na pagkawala ng kuryente sa Maynila

2. Ang National Power Corporation

3. a. Manatili sa bahay
   b. Mag-imbak ng kandila
   c.Mag-ingat sa sunog

4. Oo

## C. Aralin 3

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 18)*

1. Ang kamakailan lang na biglaang paglitaw ng mad cow disease sa Europa at ang implikasyon nito sa mga tagapakinig.

2. Mukhang nag-aalala at nag-iingat ang tagapagsalita.

3. a. Mas kaunting tao ang kakain ng baka.
   b. Maraming tao ang matatakot.
   c. Ang mga tagapag-alaga ng baka, nagkakatay, nagproproseso at nagbebenta nito ay magkakaroon ng problema sa pagbebenta ng kanilang produkto

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 20–21)*

A. 1. Ang mga ulap at ang kanilang katangian

   2. Bilugan ang sumusunod na mga titik: b, c, d, e, f at h

   3. Nakarelax at mukhang matalino ang tagapagsalita.

   4. Ulan ang karaniwang sumusunod pagkatapos makita ang mga dagim.

   5. Dagim, ***cirrus, stratus*** **at** ***cumulus***

   6. Mahalaga ang mga ulap dahil pansanggalang natin sila mula sa araw at nagbibigay ito ng tubig sa pamamagitan ng ulan.

B. 1. Ang giraffe ang pinakamatangkad na hayop sa buong mundo.

   2. Bilugan ang sumusunod na mga titik: a at d

   3. Upang maabot ang mga dahon ng puno

   4. Ang mga sagot sa tanong ay maaaring magkaiba-iba.

## Mga Sanggunian


Borabo, Milagros, L., et al. *Skill Builders for Efficient Reading.* 3rd ed. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.,1997.

De Guzman, Maria Odulio. *The Filipino Heroes.* Manila: National Bookstore, 1967.

Milan, D. *Developing Reading Skills.* 3rd ed. U.S.A.: McGraw-Hill, 1991.

Mojica, Celsa P., et al. *Competence in Oral Communication.*

Rubin, D. *The Vital Arts—Reading and Writing.* U.S.A.: MacMillan Publishing, 1979.


## Appendix

**Mga Tauhan:** Tagapagsalaysay, lalaki<br>
Gng. Carbonel, tagapagsalita mula sa Philippine National Red Cross<br>
Brodkaster, babae<br>
Abraham Lincoln, 50 taong gulang<br>
G. Mayor, 40 taong gulang<br>
G. Torres, 33 taong gulang<br>
Mayor Jose, taong gulang<br>
Anita, 25 taong gulang

**Tagapagsalaysay:** Mas marami tayong oras na iginugugol sa pakikinig kaysa sa pagsasalita. Subalit talaga bang naiintindihan natin ang kanilang mga sinasabi?

Ang pakikinig ay proseso ng pagtanggap, paggawa ng kahulugan at pagsagot sa mga verbal at di-verbal na mga mensahe. Upang maging isang mabisang tagapakinig, kailangang kaya mong gawing makahulugang impormasyon ang mga tunog na maririnig mo. Tinatawag itong pakikinig nang may pag-unawa.

Kung gusto mong makapakinig nang may-pag-unawa, ang modyul na ito ay para sa iyo.

## Pamagat: Unang Bahagi ng Tape, Ang Aking Paboritong Alaga

**Tagapagsalaysay:** Pakinggan mong mabuti at subukan mong isipin ang alagang inilalarawan dito. Siguraduhin mong maiintindihan at matatandaan mo ang mga detalyeng iyong maririnig. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at pagkatapos ay sagutin mo ang mga ibinigay na katanungan sa iyong modyul. Handa ka na ba? Magsimula na tayo.

Musika

**Tagapagsalaysay:** May mga aso tayo sa bahay. Alam mo kasi, mahilig mag-alaga ng mga hayop ang aking pamilya. Sa katunayan, mayroon kaming limang aso na iba-iba ang lahi. Kasama sa kanila ang aking paboritong si Bulak, ang alaga kong poodle. Si Bulak ay isang maputi at maliit na poodle na may maikli at makapal na balahibo sa buntot. Dalawang taon na siya. Malapit ang alaga ko sa akin. Sa tuwing manggagaling ako sa paaralan, kakahol siya at ikakawag ang kanyang buntot na parang binabati niya ako. Tatakbo siya kaagad sa akin upang mahuli ang aking atensiyon. Mahilig matulog sa aking kandungan si Bulak. Natutulog din siya sa kama ko. Mahal na mahal ko si Bulak.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalawang Bahagi ng tape, Ulat Tungkol sa Sampagita—Ang Pambansang Bulaklak ng Pilipinas

**Tagapagsalaysay:** Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound). Pagkatapos ay sagutan mo ang mga ibinigay na katanungan sa iyong modyul.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Ang sampagita ay pambansang bulaklak ng Pilipinas. Ito ay isang maliit, maselan at may matamis na amoy na bulaklak na kadalasang tinutuhog upang maging kuwintas. Ang mga kuwintas na ito ay ginagamit na pambati sa mga espesyal na bisita o inaalay sa mga banal na imahen. Ang sampagita ay mahahanap din sa ibang mga bansa. Kinagigiliwan ng mga Pilipino ang matamis na amoy nito. Ang pangalang "sampagita" ay nakuha sa pariralang "sumpa kita," na nangangahulugang "ipinapangako ko."

Musika

Beep

## Pamagat: Ikatlong Bahagi ng Tape, Kung Paanong Magtanim ng Buto ng Mangga

**Tagapagsalaysay:** Pakinggan mong mabuti ang bawat hakbang ng pamamaraan kung paanong magtanim ng mga buto ng mangga. Pilitin mo hangga't maaari na maiwan sa isip mo ang pinakamaraming impormasyong makukuha mo sa pakikinig ng pangunahing puntong ibibigay sa seleksiyon. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin ang mga tanong sa iyong modyul. Handa ka na ba? Magsimula na tayo.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Ang pagtatanim ng mga buto ng mangga ay isang kapaki-pakinabang na gawain. Kung maitatanim nang wasto, ang mga butong ito ay lalaking mga punong makapagbibigay ng lilim at extrang kita para sa iyo at sa pamilya mo. Sa pagtatanim ng mga buto ng mangga, sundin mo ang mga hakbang na ito.

a. Piliin lamang ang mga butong galing sa malulusog na puno ng mangga.

b. Hayaan munang matuyo ng kaunti ang buto ng mangga bago ito itanim. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagpapatuyo ditto sa loob ng walong oras. Iwasang ibilad ito sa direktang sikat ng araw.

c. Maghanda ng maliliit na paso na halos may sampung pulgada ng basang lupa sa bawat isa.

d. Maghukay ng maliit na butas sa lupa para sa bawat buto.

e. Ilagay ang buto sa loob ng butas at takpan ito ng humigit-kumulang sa isang pulgada ng lupa.

f. Diligan nang panay ang lupa.

g. Sa loob ng humigit-kumulang na dalawang linggo, maaaring lumabas na ang punla.

h. Kapag mga sampung pulgada na ang taas ng punla, maaari na itong ilipat sa kung saan mo gusto itong ilagay hanggang sa lumaki na ito nang tuluyan.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikaapat na Bahagi ng Tape, Ang Apat na Kalayaan

**Tagapagsalaysay:** Pakinggang mabuti ang talumpating binigkas ni Franklin D. Roosevelt. Ihinto mo ang tape pagkatapos mong marinig ang tunog na ito (beep sound) at sagutin ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Sa mga hinaharap na mga araw na nais nating gawing ligtas, asahan natin ang isang daigdig na itinatag sa pamamagitan ng apat na mahahalagang kalayaan.

Ang unang kalayaan ay ang kalayaang magsalita at ipahayag ang ating damdamin kahit saanman sa daigdig.

Ang ikalawa ay ang kalayaan ng bawat taong sumamba sa Diyos sa kanyang sariling paraan kahit saanman sa daigdig.

Ang ikatlo ay ang kalayaan mula sa kakulangan, na kung isasalin sa salitang naiintindihan ng buong daigdig, ay nangangahulugang pagkakaunawaang ekonomiko, upang makamit ng bawat bansa ang malusog at mapayapang pamumuhay.

Ang ikaapat ay kalayaan mula sa pagkatakot, na kung isasalin sa salitang naiintindihan ng buong daigdig, ay nangangahulugang pandaigdig na pagbabawas ng mga sandata hanggang dumating sa punto at daan na walang bansang malalagay sa posisyong gagawa ito ng akto ng pisikal na pagsalakay laban sa kahit sinong kalapit-bansa saanman sa daigdig.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalimang Bahagi ng Tape, Mga Katanungan sa Tagapagsalita

**Tagapagsalaysay:** Magkunwari kang kinakapanayam mo ang tagapagsalita tungkol sa pagbibigay ng dugo. Sabayan mo ako sa pagtatanong nang malakas sa mga tanong sa iyong modyul. Ihinto mo ang modyul sa tuwing maririnig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin ang mga katanungan sa iyong modyul.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Ano ang kabutihan ng pagbibigay ng dugo?

**Gng. Carbonel:** Sa tuwing magbibigay ka ng dugo, tinutulungan mong pahabain ang buhay ng mga taong nangangailangan ng dugo. Ang dugo ay likido ng buhay. Naglalaman ito ng oxygen at iba pang sustansiyang kailangan ng katawan upang mabuhay. Bukod sa pagtulong sa iba, kapag nagbigay ka ng dugo, ay gagawa ng panibagong mga selula ng dugo ang iyong katawan. Ang mga selula ng dugo ay nabubuhay lamang ng mga 120 araw. Ang pagbibigay ng dugo ay makapagpapabago ng dugo mo sa pamamagitan ng paggawa ng dugo bilang kapalit ng ibinigay mo.

Musika

Beep

Musika

**Tagapagsalaysay:** Hindi ba magkakasakit ang isang tao matapos itong magbigay ng dugo?

**Gng. Carbonel:** Hindi. Ang isang nagbigay ng dugo ay maaari lamang magbigay ng 500 mililitro ng dugo kada anim na buwan. Ang karaniwang katawan ng taong nasa hustong gulang na ay naglalaman ng limang litro ng dugo, kaya't hindi masyadong marami ang nawawala kapag nagbibigay ng dugo.

Musika

Beep

Musika

**Tagapagsalaysay:** Maaari bang magbenta ng dugo ang isang tao?

**Mrs. Carbonel:** May batas sa Pilipinas na humahadlang sa pagbebenta ng dugo, kayat ang isang tao ay hindi maaaring magbenta ng dugo. Ang pagbibigay ng dugo ay dapat na maging buong puso at hindi dapat gawin upang kumita.

Musika

Beep

Musika

**Tagapagsalaysay:** Hanggang kailan tumatagal ang dugong nakatabi?

**Gng. Carbonel:** Ang mga dugong nakatabi sa mga bangko ng dugo ay karaniwang tumatagal ng isa hanggang dalawang linggo. Sinisiguro nitong makakukuha ng bagong suplay ng dugo ang mga tao sa bawat oras.

Musika

Beep

**Pamagat: Ikaanim na Bahagi ng Tape, Isang Pagbabalita**

**Tagapagsalaysay:** Pakinggan mo ang sumusunod na madaliang pagbabalita at sagutin mo ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Brodkaster:** Ang National Power Corporation ay nagpahayag na dahil sa nakaiskedyul na pag-aayos sa mga linya ng kuryente, mawawalan ng kuryente ang Maynila buong araw bukas, ika-16 ng Marso. Kaya nga ang publiko ay pinapayuhang maghanda sa pagkawala ng kuryente sa pamamagitan ng pamamalagi sa bahay, pagtatabi ng kandila at pag-iingat mula sa sunog.

Musika

Beep

**Pamagat: Ikapitong Bahagi ng Tape, Ang Tiyan at Ang Katawan**

**Tagapagsalaysay:** Pakinggang mabuti ang sumusunod na kuwento. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ito pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Noong unang panahon, ang ibang bahagi ng katawan ay nayamot sa tiyan. Masama ang loob nila dahil kailangan nilang magtrabaho nang husto upang pakainin ang tiyan na walang ginawa kundi kumain ng kanilang pinaghirapan.

Kayat napagpasyahan nilang hindi na nila dadalhan ng pagkain ang tiyan. Ang mga kamay ay hindi na mag-aangat ng pagkain sa bibig. Ang ngipin ay hindi na ngunguya. Ang lalamunan ay hindi na lulunok. Ang mga iyon ang magpipilit sa tiyan na gumawa ng isang bagay.

Subalit ang tanging pinagtagumpayan nila ay ang pagpapahina nang husto sa katawan hanggang sa puntong muntik na silang mamatay lahat. Napagtanto rin nila sa huli na nagtatrabaho sila para sa kanilang sariling kapakanan hindi lang para sa tiyan.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikawalong Bahagi ng Tape, Mga Dragon

**Tagapagsalaysay:** Pakinggang mabuti ang sumusunod na paglalarawan. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito at sagutin mo ang katanungan sa iyong modyul.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Ang mga dragon ay mga halimaw sa mga aklat ng mga kuwentong pambata ngunit noong unang panahon, maraming tao ang naniwala na mayroon talagang mga ganito. Ang mga artistang tagaguhit ay isinalarawan sila bilang malalaking mga ahas at butiki na may pakpak na balat at nakatatakot na kukong matatalim. Ipinalalagay na nagbubuga sila ng apoy at kumakain ng buong tao at hayop.

Kailangang maging matapang upang makalaban ang mga dragon. Sinasabi sa mga alamat kung paanong pinatay ng mga masasamang halimaw na ito sina Hercules, Hercules, Saint George, at iba pang mga bayaning katulad nila. Subalit hindi lahat ng mga tao ay nag-aakalang ang mga dragon ay napakasama. Tinitingala sila ng mga Intsik bilang mga diyos.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikasiyam na Bahagi ng Tape, Isang Talumpati ng Pamamaalam

**Tagapagsalaysay:** Si Abraham Lincoln, ang ikalabing-anim na pangulo ng Estados Unidos ng Amerika, ang bumigkas ng talumpating ito nang pamamaalam. Pakinggan mong mabuti ang kanyang talumpati. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin mo ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

Beep

**Abraham Lincoln:** Mga kaibigan ko, walang sinuman, hindi sa sitwasyon kong ito, ang makapagpapahalaga sa nararamdaman kong kalungkutan sa paglalayong ito. Sa lugar na ito at sa kabaitan ng mga taong ito, utang-na-loob ko ang lahat. Dito ako tumira ng ikaapat na bahagi ng sigo at dumaan mula sa isang bata hanggang sa isang matandang lalaki.

Dito ang mga anak ko ay ipinanganak at ang isa ay inilibing. Aalis ako ngayon, nang hindi nalalaman kung kailan o kung makababalik pa ako nang may gawaing mas dakila pa kaysa sa gawaing naghihintay sa akin sa Washington. Kung walang hadlang ang Poong Maykapal na nag-asikaso sa kanya, na maaaring sumama sa akin at manatili sa inyo, maaaring nasa lahat ng lugar para sa kabutihan, buong pagtitiwala tayong umasa na ang lahat ay magiging maayos. Sa kanyang pag-aaruga inihahabilin ko kayo, gaya nang aking inaasahang sa inyong mga dasal ay ihahabilin din ninyo ako, ibinibigay ko sa inyo ang aking magiliw na pamamaalam.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikasampung Bahagi ng Tape, Pagpunta sa Palengke

**Tagapagsalaysay:** Pakinggang mabuti ang mga panuto. Ihinto ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin mo ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Ang palengke ay malapit sa paaralan. Upang makarating sa palengke, lakarin ang kalsada ng Santa Cruz, ang kalsading nasa likuran mismo ng paaralan at kumanan ka papunta sa kalsada ng Gilmore. Kumanan ka ulit sa kalsada ng Palma hanggang maabot mo ang kalsada ng Chico. Ang palengke ay nasa dulo ng kalsada ng Chico.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalabing-isang Bahagi ng Tape, Lapu-Lapu—Hari ng Mactan

**Tagapagsalaysay:** Pakinggang mabuti ang kuwento ni Lapu-Lapu. Ihinto ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin mo ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Si Lapu-Lapu ay kilala bilang unang bayaning Pilipino. Nanalo siya kay Magellan sa isang digmaan. Si Lapu-Lapu ang hari ng isla ng Mactan nang dumating si Ferdinand Magellan sa Pilipinas. Hindi siya magpapailalim sa pangangasiwa ng mga Kastila o magbibigay ng parangal kay Magellan.

Ang damdaming ito ni Lapu-Lapu ay nagpagalit kay Magellan, kaya't si Magellan, kasama ng 60 sundalo, ay naglakbay sa dagat mula Cebu upang sakupin ang isla ng Mactan.

Nang dumaong ang mga Kastila sa Mactan, inatake sila ni Lapu-Lapu at ng anak nito. Sa labanan, ang mga hindi masyadong armadong mga Pilipino ay nagtagumpay sa pagsusugat kay Magellan, na nag-utos sa kanyang mga sundalo na umurong papunta sa kanilang mga bangka. Ipinagpatuloy ng mga Pilipino ang pakikipaglaban hanggang sa mapatay ni Lapu-Lapu si Magellan. Nang makita ng mga Kastila ang kanilang patay na lider, tumakas sila sa kanilang bangka at naglayag papalayo.

Ang pagtatagumpay ni Lapu-Lapu ay nakahikayat sa mga Pilipinong umatake sa mga Kastilang nasa Cebu na napilitang lisanin ang Pilipinas. Sa loob ng 54 taon pagkatapos noon, walang Kastilang naglakas-loob pumunta sa Pilipinas.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalabing-dalawang Bahagi ng Tape, Isang Pagsasanay sa Paglubay

**Tagapagsalaysay:** Subukan mong mag-relax at damhin mo ang pag-alis ng tensiyon sa iyong katawan habang ginagawa mo ang sumusunod na pagsasanay. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound).

Musika

**Tagapagsalaysay:** Bago mo gawin ang pagsasanay, siguraduhin mong komportable ang posisyon mo. Umupo ka nang nakalapat ang likod mo sa upuan. Ngayon, ipikit mo ang iyong mga mata at mag-relax. Ilagay mo ang iyong mga daliri sa iyong sentido na malapit sa tabi ng iyong mga mata. Gumawa ka ng mga mababagal na paikot na galaw, habang padiin nang padiin ito. Igalaw mo pabalik-balik ang iyong mga daliri mula sa noo mo papunta sa iyong sentido. Mag-relax ka at huminga nang malalim pagkaraan ng sampung segundo. Ulitin mong muli ang pagsasanay hanggang sa marelax nang husto ang pakiramdam mo.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Mas mabuti na ba ngayon ang pakiramdam mo kaysa sa kanina? Kung ganoon, mabuti iyon. Ulitin mo ang pagsasanay na ito sa tuwing kailangan mo.

Beep

## Pamagat: Ikalabing-tatlong Bahagi ng Tape, Iboto Mo Ako

**Tagapagsalaysay:** Pakinggan mo ang sumusunod na talumpati. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito.

Musika

**Mr. Mayor:** (sa hindi nakakakumbinsang paraan) Mga kababayan ko, sa darating na eleksiyon, siguraduhin ninyong ang iboboto ninyong kandidato ay ‘yong makapagbibigay sa inyo ng mas mabuting buhay. Iboto ninyo ako. Naniniwala ako sa kahalagahan ng demokrasya at hustisya. Naniniwala ako sa kapayapaan at kaunlaran. Kapag ibinoto ninyo ako, nangangako akong ibibigay sa inyo ang mga pangunahing serbisyo na kailangan ng pamayanang ito. Hindi ninyo pagsisisihan ang pagboto ninyo sa akin. Kaya’t sa darating na halalan, iboto ninyo ang pinakamagaling na lider, iboto ninyo ako.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalabing-apat na Bahagi ng Tape, Iboto Mo Ako

**Tagapagsalaysay:** Pakinggan mo ang bersiyong ito ng talumpati. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound).

Musika

**Mr. Torres:** (sa mas nakakakumbinsang paraan) Mga kababayan ko, sa darating na eleksiyon, siguraduhin ninyong ang iboboto ninyong kandidato ay ‘yong makapagbibigay sa inyo ng mas mabuting buhay. Iboto ninyo ako. Naniniwala ako sa kahalagahan ng demokrasya at hustisya. Naniniwala ako sa kapayapaan at kaunlaran. Kapag ibinoto ninyo ako, nangangako akong ibibigay sa inyo ang mga pangunahing serbisyo na kailangan ng pamayanang ito. Hindi ninyo pagsisisihan ang pagboto ninyo sa akin. Kaya’t sa darating na halalan, iboto ninyo ang pinakamagaling na lider, iboto ninyo ako.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Ihambing ang bersyong ito sa bersyong narinig mo kanina. Aling bersyon ang mas magandang pakinggan?

## Pamagat: Ikalabing-limang Bahagi ng Tape, Ang Talumpati ni Mayor Jose

**Tagapagsalaysay:** Ngayon, pakinggan mo si Mayor Jose habang sinasabi niya sa atin ang gagawin niyang plano matapos na siya ay maupo bilang mayor. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Mayor Jose:** Mga kababayan kong taga-San Isidro, nakatanggap ako ng ulat na ang problema sa droga ay nakarating na sa ating pamayanan. Dumami ang mga gawain kaugnay ng pagbebenta at paggamit ng droga. Kahit na ang mga anak natin ay naipakikilala na rin sa droga. Kaliwa't kanan, nakaririnig ako ng mga ulat tungkol sa mga kabataang gumagawa ng krimeng katulad ng paninira ng mga ari-arian at pagnanakaw. Masamang hudyat ito. Kaya't nakikiusap ako, mga kababayan ko, na tulungan ninyo akong sugpuan ang problemang ito. Huwag nating hayaang mabigo ng adiksiyon sa droga ang mga pangarap natin para sa ating mga anak. Samahan ninyo ako sa aking kampanya laban sa droga. Tutugisin ko ang mga nagtutulak ng droga. Sagipin natin ang mga gumagamit nito at ikulong ang mga nagtutulak nito.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalabing-anim na Bahagi ng Tape, Imbitado Ka!

**Tagapagsalaysay:** Pakinggan ang sumusunod na imbitasyon. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Anita:** (sa hindi tapat na pag-aanyaya) Hello! Sana ay dumalo kayo sa aking parti bukas nang ika-apat ng hapon. Isuot ninyo ang inyong mga damit na pang-cowboy bilang pagsunod sa paksa ng parti.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalabing-pitong Bahagi ng Tape, Isang Pagkokomentaryo sa Radyo

**Tagapagsalaysay:** Pakinggan ang sumusunod na pagkokomentaryo sa radyo. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Brodkaster:** Kamakailan lang, nakarinig tayo ng biglaang paglitaw ng mad cow disease sa Europa. Isa itong sakit na nakaaapekto sa mga baka at nakahahawa sa mga tao sa pamamagitan ng pagkain ng kontaminadong baka. Gusto kong bigyang-babala ang publiko tungkol sa problemang ito. Sana ay siguraduhin ninyong ang binibili ninyong baka ay hindi nanggagaling sa Europa at pati na rin sa mga apektadong bansa. Basahin ninyo ang mga pahayag na nakalagay sa inyong mga lokal na health center tungkol sa kung paano ninyong maiiwasan ang sakit na ito.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalabing-walong Bahagi ng Tape, Mga Ulap

**Tagapagsalaysay:** Pakinggan ang sumusunod na seleksiyon tungkol sa mga ulap. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin ang mga tanong sa iyong modyul.

Musika

**Tagapagsalaysay:** Binubuo ng mga ulap ang maliliit na patak ng tubig. Napakagaan nila upang manatiling nakalutang sa hangin. Ang mga patak na ito naman ay bumubuo ng mas malalaking patak at sa madaling panahon ay mahuhulog bilang ulang.

Iba't ibang uri ng ulap ang maaaring mabuo sa buong araw. Ang iba't ibang uri ng ulap ay dagim, stratus, cirrus at nimbus. Ang mga dagim ay namimintog sa kabilugan. Mukha silang mga malalaking piraso ng bulak sa langit. Ang mga mabababang ulap na mukhang maninipis na banig na nakatakip sa langit ay tinatawag na stratus. Ang mga cirrus ay maputi, manipis, singgaan ng balahibo ng ibon na lumulutang sa taas ng langit. Kahulihan, ang mga nimbus naman ay maiitim at makakapal kaysa sa naunang tatlo. Nagdadala sila ng malalakas na pag-ulan. Kaya't tinatawag silang ulang ulap.

Naaapektuhan ng mga ulap ang panahon sa maraming paraan. Nagagawa nilang palamigin ang mga lugar sa ibaba nila sa pamamagitan ng pagtakip sa init ng araw. Ang temperatura ng hangin sa ibaba ng mauulap na lugar ay mas mababa kaysa sa mga lugar na sinisikatan mismo ng araw. Bukod dito, ang mga ulap ay nagdadala ng ulan na nagpapalamig sa lupa at sa hangin.

Musika

Beep

## Pamagat: Ikalabing-siyam na Bahagi ng Tape, Ang Giraffe

**Tagapagsalaysay:** Pakinggang mabuti ang sumusunod na seleksiyon. Ihinto mo ang tape kapag narinig mo ang tunog na ito (beep sound) at sagutin ang mga tanong sa iyong modyul.

Music

**Tagapagsalaysay:** Ang mga giraffe ang pinakamatangkad na mga hayop sa buong mundo. Ang lalaking giraffe na nasa sapat na gulang na ay tatlong beses ang tangkad kaysa sa isang matangkad na tao. May mahahaba silang mga binti at leeg subalit hindi sila makatakbo nang mabilis at makagalaw sa paligid ng mga matataas na puno. Ang leeg nila ay may pitong buto katulad na ibang mga mammal. Ang mga giraffe ay nakatira sa maiinit na lupaing madamo sa Afrika at kumakain ng dahon ng mga palumpong at puno tuwing tag-init.

Musika

Beep